

Kakayahang Mag-isa. Pagbibigay-lakas. Pagiging Kabilang.



Ang Programa ng Maagang Pagsisimula (Early Start Program) ay programa ng maagang interbensyon ng California para sa mga sanggol at bata na may mga kapansanan at kanilang mga pamilya. Available ang mga serbisyo ng Maagang Pagsisimula (Early Start) sa buong estado at ibinibigay ang mga ito sa isang organisado at pampamilyang sistema. Ang Inland Regional Center (IRC) ay isa sa 21 Regional Center sa California at inaatasan ito ng Lanterman Act na ipatupad ang Programa ng Maagang Pagsisimula (Early Start Program).

Sino ang Kwalipikado para sa Mga Serbisyo ng Maagang Pagsisimula (Early Start)?

Puwedeng maging kwalipikado ang mga sanggol at bata mula pagkasilang hanggang sa edad na 36 na buwan para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon sa pamamagitan ng Maagang Pagsisimula (Early Start) kung, sa pamamagitan ng nakadokumentong pagsusuri at pagtatasa, natutugunan nila ang isa sa mga pamantayang nakalista sa ibaba:

- May pagkaantala sa pag-develop ng hindi bababa sa 25% sa isa o higit pang bahagi ng pag-develop na ukol sa pag-iisip, pag-unawa, pagpapahayag, panlipunan o emosyonal, pag-angkop, o pisikal at pagkilos kasama ang paningin at pandinig; o
- May natukoy na mapanganib na kondisyong alam ang pinagmulan, na may mataas na probabilidad o hahantong sa naantalang pag-develop, kasama ang Fetal Alcohol Syndrome; o
- Ituturing na nanganganib na magkaroon ng malubhang kapansanan sa pag-develop dahil sa kumbinasyon ng mga salik ng biomedical na panganib na na-diagnose ng kwalipikadong tauhan.

Paano Mag-apply para sa Mga Serbisyo

Puwedeng gumawa ng referral ang sinuman, kasama ang mga magulang, provider ng medikal na pangangalaga, kapitbahay, miyembro ng pamilya, foster parent, at provider ng daycare. Puwedeng sagutan ang isang online na aplikasyon sa inlandrc.org/intake o puwede kang makipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng telepono o magpadala ng fax sa:

Mga Residente ng County ng San Bernardino:
Telepono - (909) 890-4711
Fax - (909) 890-4709

Mga Residente ng County ng Riverside:
Telepono - (909) 890-4763
Fax - (909) 890-3055

Ano ang Susunod na Aasahan

Sa loob ng 45 araw, ang regional center ay:

- Magtatalaga ng coordinator ng serbisyo para tulungan ang pamilya sa mga proseso ng pagsusuri at pagtatasa.
- Kukunin ang iyong pahintulot, iskedyul, at mga kumpletong pagtatasa ng pag-develop ng iyong anak.
- Kung kwalipikado ang iyong anak na sanggol o bata para sa mga serbisyo ng maagang interbensyon, bubuo ng isang Individual Family Service Plan (IFSP) na tutugon sa mga kalakasan at pangangailangan n sanggol o bata, alalahanin ng magulang, at serbisyo ng maagang interbensyon.
- Tutukuyin ang mga serbisyo ng maagang interbensyon na ibinibigay sa tahanan ng pamilya o iba pang setting ng komunidad.

Para sa higit pang impormasyon, bisitahin kami sa www.inlandrc.org o tumawag sa (909) 890-3000.



INLAND REGIONAL CENTER

1365 South Waterman Avenue San Bernardino, CA 92408 • P.O. Box 19037 San Bernardino, CA 92423